

**PATAKARAN SA PAGPUTOL NG  
RESIDENSYAL NA SERBISYO SA TUBIG  
DAHIL SA HINDI PAGBABAYAD**

1. **Paglalatap ng Patakaran.** Ang Patakarang ito sa Pagputol ng Residensyal na Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad ("Patakaran") ay ilalapat sa lahat ng account ng Lungsod para sa residensyal na serbisyo sa tubig, ngunit hindi ilalapat sa anumang mga account para sa hindi residensyal na serbisyo. Sa abot na ang Patakarang ito ay kumukompromiso sa anumang iba pang mga panuntunan, regulasyon, o patakaran ng Lungsod, ang Patakarang ito ang magkakaroon ng kontrol.

2. **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan.** Para sa mga katanungan o tulong tungkol sa iyong singil sa tubig, maaaring makipag-ugnay sa staff ng Customer Service ng Lungsod sa (626) 254-2700. Maaari ring bumisita ang mga customer sa Public Works Services Service Center (Tanggapan ng Serbisyo para sa mga Serbisyo sa Pamublikong Gawain) nang personal mula Lunes hanggang Huwebes mula 6:45 a.m. hanggang 5:00 p.m., at tuwing makalawang Biyernes mula 6:45 a.m. hanggang 4:00 p.m., maliban sa mga holiday ng Lungsod.

3. **Mga Pamamaraan sa Pagsingil.** Ibinabayad sa Lungsod ang mga singil sa serbisyo ng tubig isang beses kada dalawang buwan o sa ibang naturang dalas alinsunod sa pana-panahong pagpapasya ng Konseho ng Lungsod. Ang lahat ng singil para sa serbisyo ng tubig ay dapat at maaaring bayaran sa panahong maibigay ito at magiging delingkwente labinlimang (15) araw pagkatapos ng petsa ng pagpapadala sa koreo.

4. **Pagputol ng Serbisyo sa Tubig dahil sa Hindi Pagbabayad.** Kung ang singil ay delingkwente ng hindi bababa sa animnapung (60) araw, maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo ng tubig sa siniserbisyuhang address.

4.1 **Nakasulat na Abiso sa Customer.** Magbibigay ang Lungsod ng nakasulat na abiso sa customer na nasa rekord ng hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago ang pagputol sa serbisyo sa tubig. Ang abiso ay maglalaman ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) halagang naging delingkwente;
- (c) petsa kung kailan ang kabayaran o mga pagsasaayos ng kabayaran ay dapat isagawa upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
- (d) pamamaraan kung saan ang customer ay maaaring simulan ang reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon o apela tungkol sa serbisyo o mga singil;
- (e) paglalarawan ng pamamaraan kung saan maaaring humiling ang customer ng alternatibong pagsasaayos ng kabayaran, na maaaring kabilangan ng ekstensyon, amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o pagbawas sa ibabayad;

- (f) pamamaraan para makakuha ang customer ng impormasyon hinggil sa pampinansyal na tulong, kung nalalapat; at
- (g) numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng pagsasaayos ng kabayaran o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Lungsod.

#### 4.2 Nakasulat na Abiso sa mga Okupante o Nangungupahan.

(a) Kung nagbibigay ang Lungsod ng pang-indibidwal na nakametrang serbisyo sa tirahang pang-isahang pamilya, residensyal na estrukturang may maraming yunit, parke para sa mobile home, o kampo para sa gawaing pambukid at ang may-ari, tagapamahala, o nagpapatakbo ng tirahan, estruktura, o parke ay ang customer na nasa rekord, o kung ang address na pangkoreo ng customer na nasa rekord ay hindi kapareho ng siniserbisyuhang address, magpapadala rin ang Lungsod ng abiso sa mga okupanteng naninirahan sa siniserbisyuhang address ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyo sa tubig. Luukol ang abiso sa "Okupante," maglalaman ng impormasyong iniaatas sa Seksyon 4.1 sa itaas, at ipapaalam sa mga residensyal na okupante na mayroon silang karapatang maging customer ng Lungsod nang hindi inaatasang bayaran ang halagang nasa delingkwenteng account. Ang mga tuntunin at kondisyon para sa mga okupante upang maging mga customer ng Lungsod ay nakasaad sa Seksyon 8 sa ibaba.

(b) Kung nagkakaloob ang Lungsod ng tubig sa pamamagitan ng master meter sa isang residensyal na estrukturang may maraming yunit, parke ng mobile home, o mga permanenteng residensyal na estruktura sa isang kampo ng paggawa at ang may-ari, manager, o nagpapatakbo ng tirahan, estruktura, o parke ay ang customer na nasa rekord, pagsusumikapan ng Lungsod nang may pagtitiwala na ipaalam sa mga okupante, sa pamamagitan ng nakasulat na abisong ipinaskil sa pinto ng bawat residensyal na yunit ng hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago ang pagputol, na hindi pa nababayaran ang account at puputulin ang serbisyo sa petsang tinukoy sa abiso. Kung hindi makatwiran o magagawa ang pagpaskil ng abiso sa pinto ng bawat yunit, magpapaskil ang Lungsod ng dalawang (2) kopya ng abiso sa bawat maa-access na karaniwang pinupuntahang lugar at sa bawat lugar na maa-access sa estruktura o mga estruktura. Ipapaalam ng abiso sa mga residensyal na okupante na may karapatan silang maging customer ng Lungsod nang hindi inaatasang bayaran ang halagang nasa delingkwenteng account. Tutukuyin din ng abiso kung ano ang iniaatas sa mga okupanteng gawin upang maiwasan ang pagputol ng, o upang muling ipapanumbalik ang serbisyo; ang tantiyang buwanang halaga ng serbisyo; ang titulo, address, at numero ng telepono ng kinatawan ng Public Works Services Department (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pamublikong Gawain) na maaaring tumulong sa mga okupante sa pagpapatuloy ng serbisyo. Ang mga tuntunin at kondisyon para sa mga okupante upang maging mga customer ng Lungsod ay nakasaad sa Seksyon 8 sa ibaba.

Abiso sa Personal o sa Telepono. Gagawa ang Lungsod ng makatwiran at may pagtitiwalang pagsusumikap na makipag-ugnay sa customer na nasa rekord o taong

nasa hustong gulang na naninirahan sa siniserbisyuhang address nang personal o sa pamamagitan ng telepono ng hindi bababa sa pitong (7) araw bago ang pagputol ng serbisyo.

4.3 Pagpapaskil ng Abiso sa Address na Siniserbisyuhan. Kung hindi magagawang makipag-ugnay ng Lungsod sa customer o sa taong nasa hustong gulang na naninirahan sa siniserbisyuhang address nang personal o sa pamamagitan ng telepono, magsusumikap nang may pagtitiwala ang Lungsod na mag-iwan ng abiso tungkol sa nalalapit na pagputol ng residensyal na serbisyo at isang kopya ng Patakarang ito sa isang kitang-kitang lugar sa siniserbisyuhang address. Ang abiso at kopya ng Patakarang ito ay iiwan sa tirahan ng hindi bababa sa apatnapu't walong (48) oras bago ang pagputol ng serbisyo. Ang abiso ay maglalaman ng:

- (a) pangalan at address ng customer;
- (b) halagang naging delingkwente;
- (c) petsa kung kailan ang kabayaran o mga pagsasaayos ng kabayaran ay dapat isagawa upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo;
- (d) pamamaraan para makakuha ang customer ng impormasyon hinggil sa pampinansyal na tulong, kung nalalapat; at
- (e) numero ng telepono kung saan maaaring humiling ang customer ng pagsasaayos ng kabayaran o tumanggap ng karagdagang impormasyon mula sa Public Works Services Department.

4.4 Mga Pagkakataon Kung Saan Hindi Mapuputol ang Serbisyo. Hindi puputulin ng Lungsod ang residensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa mga sumusunod na pagkakataon:

- (a) Sa panahon ng pag-iimbestiga ng Public Works Services Department sa pagtutol o reklamo ng customer sa ilalim ng Seksyon 5.1 sa ibaba;
- (b) Sa panahong nakabinbin ang apela sa Konseho ng Lungsod sa ilalim ng Seksyon 5.3 sa ibaba; o
- (c) Sa panahon kung saan ang bayad ng customer ay napapailalim sa ekstensyon, amortisasyon, alternatibong iskedul ng pagbabayad, o pagbawas sa ibabayad na inaprubahan ng Public Works Services Department sa ilalim ng Seksyon 6 sa ibaba, at ang customer ay nananatiling sumusunod sa inaprubahang kaayusan ng kabayaran.

4.5 Mga Pagkakataon Kung Saan Hindi Puputulin ang Serbisyo sa Pamamagitan ng Master Meter. Kung nagkakaloob ng tubig ang Public Works Services Department sa pamamagitan ng master meter sa isang residensyal na estrukturang

may maraming nakatira, parke ng mobile home, o permanenteng residensyal na estruktura sa isang kampo ng paggawa at ang may-ari, tagapamahala, o nagpapatakbo ng tirahan, estruktura, o parke ay ang customer na nasa rekord, hindi puputulin ng Public Works Services Department ang residensyal na serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa ilalim ng mga sumusunod na pagkakataon:

(a) Kung ang delingkwenteng account ay nauugnay sa isa pang ari-ariang pag-aari, pinamamahalaan, o pinapatakbo ng customer;

(b) Kung ang opisyal ng pampublikong kalusugan o gusali ay sinertipikahan na ang pagputol ng serbisyo ay magreresulta sa isang malaking banta sa kalusugan o kaligtasan ng mga residensyal na umookupa o ng publiko.

#### 4.6 Espesyal na Medikal at Pampinansyal na Pagkakataon Kung Saan hindi Puputulin ang mga Serbisyo.

(a) Hindi puputulin ng Public Works Services Department ang serbisyo sa tubig kung ang lahat ng sumusunod na kondisyon ay matutugunan:

(i) Magsusumite sa Lungsod ang customer, o nangungupahan sa customer ng sertipikasyon ng isang lisensyadong primary care provider (pangunahing tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan) na ang pagputol ng serbisyo sa tubig ang banta sa buhay ng, o isang malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan ng, isang residente sa pasilidad kung saan ipinagkakaloob ang residensyal na serbisyo;

(ii) Ipinapakita ng customer na hindi niya kayang bayaran ang residensyal na serbisyo sa loob ng normal na billing cycle ng Lungsod. Itinuturing na walang kakayahang magbayad ang customer sa panahon ng normal na billing cycle kung: (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ng customer ay kasalukuyang tumatanggap ng benepisyo mula sa CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/Supplementary Payment Program ng Estado, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) ipinapahayag ng customer sa ilalim ng parusa sa panunumpa nang walang katotohanan na ang taunang kita ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan; at

(iii) Pumapayag ang customer na pasukin ang alternatibong kaayusan sa pagbabayad, kabilang ang ekstensyon, amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o

pagbawas sa ibabayad pagdating sa mga delingkwenteng singil.

- (b) Para sa sinumang mga customer na tumutugon sa lahat ng kondisyon sa itaas, mag-aalok ang Lungsod sa customer ng isa sa mga sumusunod na opsyon, na pipiliin ng Lungsod sa kakayahan nitong magpasya: (1) isang ekstensyon sa panahon ng pagbabayad; (2) amortisasyon ng hindi nabayaranang balanse; (3) isang alternatibong iskedyul sa pagbabayad; o (4) isang pagbawas sa ibabayad. Pipiliin ng Direktor ng Public Works o Superintendente ng mga Utilidad ang pinakanaaangkop na kaayusan sa pagbabayad, habang isinasaalang-alang ang impormasyon at dokumentasyong ipinagkaloob ng customer, pati na rin ang mga pangangailangan sa pagbabayad ng Lungsod. Anumang pinasok na kaayusan sa pagbabayad alinsunod sa Seksyong ito ay mapapailalim sa mga tuntunin, kondisyon, at remedyo, sa Seksyon 6.
- (c) Responsable ang customer sa pagpapakita na ang mga kondisyon sa subseksyon (a) ay natugunan. Sa pagtanggap ng dokumentasyon mula sa customer, pag-aaralan ng Lungsod ang dokumentasyon sa loob ng pitong (7) araw at: (1) aabisuhan ang customer ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad na pinili ng Lungsod at hihilingin ang pinirmahang pagsang-ayon ng customer upang sumali sa alternatibong kaayusang iyon; (2) hihiling ng karagdagan impormasyon mula sa customer; o (3) aabisuhan ang customer na hindi niya natugunan ang mga kondisyon sa subseksyon (a).
- (d) Maaaring putulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig kung ang customer na nabigyan ng alternatibong kaayusan sa pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito ay nabigong gawin ang alinman sa mga sumusunod ng animnapung (60) araw o higit pa: (a) bayaran ang mga singil na hindi niya nabayaran bago lumampas ang pinalawig na petsa ng pagbabayad; (b) bayaran ang anumang amortisadong halaga sa ilalim ng iskedyul ng amortisasyon; (c) bayaran ang anumang dapat bayarang halaga sa ilalim ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad; (d) bayaran ang binawasang ibabayad na halaga sa takdang petsa nito; o (e) bayaran ang mga kasalukuyang singil sa kanya para sa serbisyo sa tubig. Magpapaskil ng panghuling abiso ang Lungsod ng layuning putulin ang serbisyo sa isang prominente at kitang-kitang lokasyon sa siniserbisuyhang address ng hindi bababa sa limang (5) araw ng tanggapan bago ang pagputol ng serbisyo. Sa panghuling abiso ay hindi magiging karapat-dapat ang customer sa anumang imbestigasyon o pagrerepaso ng Lungsod.

4.7 Panahon ng Pagputol ng Serbisyo. Hindi puputulin ng Lungsod ang serbisyo sa tubig dahil sa hindi pagbabayad sa araw ng Sabado, Linggo, legal na holiday, o sa anumang oras kung saan hindi bukas sa publiko ang tanggapan ng Lungsod.

4.8 Pagpapanumbalik ng Serbisyo. Ang mga customer na naputulan ng serbisyo sa tubig ay maaaring makipag-ugnay sa Lungsod sa pamamagitan ng telepono o nang personal tungkol sa pagpapanumbalik ng serbisyo. Ang pagpapanumbalik ng serbisyo ay mapapailalim sa pagbabayad ng: (a) anumang mga hindi pa nababayaranang halaga, kabilang ang nalalapat na interes o multa; (b) anumang mga singil sa muling pagpapakabit ng tubig, na mapapailalim sa mga limitasyong nakasaad sa Seksyon Section 7.1, kung nalalapat; (c) at isang security deposit, kung iniaatas ng Lungsod.

## **5. Mga Pamamaraan para Tutulan o Iapela ang Singil.**

5.1 Panahon para Simulan ang Reklamo o Humiling ng Imbestigasyon. Maaaring simulan ng customer ang reklamo o humiling ng imbestigasyon tungkol sa halaga ng singil sa loob ng sampung (10) araw ng pagtanggap ng tinututulang singil. Para sa mga layunin ng Seksyon 5.1 lamang, ituturing na natanggap ng customer ang singil ng limang (5) araw pagkatapos nitong maipadala.

5.2 Pagrerepaso ng Lungsod. Isang napapanahong reklamo o kahilingan para sa imbestigasyon ang pag-aaralan ng Direktor ng Public Works o Superintendente ng mga Utilidad, na magbibigay ng nakasulat na pagpapasya sa customer. Magiging kasama sa pag-aaral ang konsiderasyon kung maaaring tumanggap ang customer ng ekstensyon, amortisasyon, alternatibong iskedyul sa pagbabayad, o pagbabawas sa ibabayad sa ilalim ng Seksyon 6.

5.3 Apela sa Konseho ng Lungsod. Ang sinumang customer na may napapanahong reklamo o kahilingan para sa isang imbestigasyon alinsunod sa Seksyon 5 ay nagresulta sa hindi ninanais na pagpapasya ay maaaring iapela ang pagpapasya sa Konseho ng Lungsod sa pamamagitan ng paghahain ng nakasulat na paunawa ng apela sa Klerk ng Lungsod sa loob ng sampung (10) araw ng pagpapadala ng Lungsod ng pagpapasya. Sa pagtanggap ng abiso ng apela, itatakda ng Lungsod na mapakinggan ang bagay na ito sa papalapit na pagpupulong ng Konseho ng Lungsod at padadalhan ang customer ng nakasulat na paunawa hinggil sa oras at lugar ng pagdinig ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagpupulong. Magiging pinal ang pagpapasya ng Konseho ng Lungsod.

## **6. Mga Ekstensyon at Iba pang Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad.**

6.1 Panahon ng Paghiling ng Ekstensyon o Iba pang Alternatibong Kaayusan sa Pagbabayad. Kung hindi kayang bayaran ng customer ang singil sa normal na panahon ng pagbabayad, maaaring humiling ang customer ng ekstensyon o iba pang alternatibong kaayusan sa pagbabayad na inilalarawan sa Seksyon 6. Kung nagsumite ang customer ng kanyang kahilingan sa loob ng labintatlong (13) araw pagkatapos

magpadala ang Lungsod ng nakasulat na abiso ng pagputol ng serbisyo, pag-aaralan ng Direktor ng Public Works o Superintendente ang kahilingan. Ang mga pagpapasya ng Lungsod hinggil sa mga ekstensyon at iba pang mga alternatibong kaayusan sa pagbabayad ay pinal at hindi mapapailalim sa apela sa Konseho ng Lungsod.

6.2 Ekstensyon. Kung aaprubahan ng Lungsod, ang kabayaran ng customer sa kanyang hindi nabayaranang balanse ay maaaring pansamantalang mapalawig sa loob ng hindi lalampas ng anim (6) na buwan pagkatapos ng orihinal na takdang araw ng pagbabayad sa balanse. Pagpapasyahan ng Direktor ng Public Works o itinalaga, sa kanyang kakayahang magpasya, kung gaano katagal ang ibibigay na ekstensyon sa customer. Babayaran ng customer nang buo ang hindi pa nabayaranang balanse bago lumampas ang petsang itinakda ng Lungsod at dapat manatiling nasa kasalukuyan sa lahat ng singil sa serbisyo sa tubig na maiipon sa anumang susunod na panahon ng pagsingil. Ang pinalawig na petsa ng pagbabayad ay itatakda sa paraang nakasulat at ibibigay sa customer.

6.3 Amortisasyon. Kung maaaprubahan ng Lungsod, ang bayad ng customer sa kanyang hindi pa nabayaranang balanse ay maaaring maging amortisado ng loob ng hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan, alinsunod sa pagpapasya ng Direktor ng Public Works o itinalaga, sa kanyang kakayahang magpasya. Kung maaaprubahan ang amortisasyon, hahatiin ang hindi nabayaranang balanse sa bilang ng mga buwan sa panahon ng amortisasyon, at ang halagang iyon ay idadagdag sa buwanang singil sa customer para sa serbisyo ng tubig hanggang sa ganap na mabayaran. Sa panahon ng amortisasyon, dapat manatiling nasa kasalukuyan ang customer pagdating sa mga singil sa serbisyo sa tubig na naiipon sa panahon ng anumang susunod na panahon ng pagsingil. Ang iskedyul ng amortisasyon at ang mga halagang dapat bayaran ay itatakda sa paraang nakasulat at ibibigay sa customer.

6.4 Alternatibong Iskedyul sa Pagbabayad. Kung maaaprubahan ng Lungsod, maaaring bayaran ng customer ang kanyang hindi nabayaranang balanse alinsunod sa alternatibong iskedyul sa pagbabayad na hindi lalampas ng labindalawang (12) buwan, alinsunod sa pagpapasya ng Direktor ng Public Works o Superintendente ng mga Utilidad sa kanyang kakayahang magpasya. Kung maaaprubahan, maaaring pahintulutan ng alternatibong iskedyul sa pagbabayad ang pana-panahong lump sum (buong halaga) na pagbabayad na hindi sumasabay sa itinatag ng Lungsod na petsa ng pagbabayad o maaaring magbayad nang madalas o hindi gaanong madalas kaysa sa regular na petsa ng pagbabayad ng Lungsod. Sa panahon ng alternatibong iskedyul ng pagbabayad, dapat manatiling nasa kasalukuyan ang customer pagdating sa lahat ng singil sa serbisyo ng tubig na maiipon sa panahon ng anumang susunod na panahon ng pagsingil. Ang alternatibong iskedyul ng pagbabayad at ang mga halagang dapat bayaran ay itatakda sa paraang nakasulat at ibibigay sa customer.

6.5 Pagbawas sa Ibabayad. Sa pagpapasya ng Direktor ng Public Works Services o Superintendente ng mga Utilidad, maaaring tumanggap ang customer ng pagbabawas sa hindi nabayaranang balanse na pagkakautang ng customer para sa serbisyo sa tubig. Pagpapasyahan ng Direktor ng Public Works o Superintendente ng mga Utilidad, sa kanyang kakayahang magpasya, kung igagawad ang pagbawas sa



ibabayad. Ang halaga ng binawasang ibabayad at ang takdang petsa ng pagbabayad ay itatakda sa paraang nakasulat at ibibigay sa customer.

6.6 Hindi Pagsunod. Maaaring putulin ng Distrito ang serbisyo sa tubig kung hindi makakasunod ang customer sa kaayusan ng pagbabayad na inaprubahan ng Lungsod sa ilalim ng seksyong ito, o hindi nabayaran ang mga kasalukuyang singil sa kanya para sa serbisyo sa tubig, at ang orihinal na halagang dapat bayaran ay delingkwente ng mahigit 60 araw. Magpapaskil ng panghuling abiso ang Lungsod na may layuning putulin ang serbisyo sa isang prominente at kitang-kitang lokasyon sa siniserbisyuhang address ng hindi bababa sa limang (5) araw ng tanggapan bago ang pagputol ng serbisyo. Sa panghuling abiso ay hindi magiging karapat-dapat ang customer sa anumang imbestigasyon o pagrerepaso ng Lungsod.

## **7. Mga Espesipikong Programa para sa mga Customer na may Mababang Kita.**

7.1 Mga Limitasyon sa Singil sa Muling Pagpapakonekta at Waiver ng Interes. Para sa mga residensyal na customer na ipapakita sa Lungsod ang kita ng sambahayan na mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan, ang Lungsod ay:

- (a) Maglilimita ng anumang mga singil sa muling pagpapakabit sa panahon ng normal na oras ng tanggapan sa limampung dolyar (\$50), at sa panahong hindi oras ng tanggapan sa isandaan at limampung dolyar (\$150). Nalalapat lamang ang mga limitasyong ito kung talagang lampas sa mga halagang ito ang mga singil ng Lungsod sa muling pagpapakabit. Napapailalim ang mga limitasyong ito sa taunang pag-aayos para sa pagbabago sa Consumer Price Index for All Urban Consumers (CPU-U, Indise ng Presyo para sa Mamimili para sa lahat ng Mamimili sa Kalunsuran) ng Bureau of Labor Statistics (Kawanihan ng Estadistika ng Paggawa) simula Enero 1, 2021.
- (b) Alisin ang mga singil sa interes sa mga delingkwenteng singil isang beses kada 12 buwan. Ilalapat ng Lungsod ang pag-alis ng anumang interes sa mga singil na hindi nabayaran sa panahon ng paghiling ng customer.

7.2 Mga Kwalipikasyon. Ituturing ng Lungsod ang customer na mayroong kita ng sambahayang mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan kung: (a) ang sinumang miyembro ng sambahayan ay kasalukuyang tumatanggap ng benepisyo mula sa CalWORKS, CalFresh, pangkalahatang tulong, Medi-Cal, Supplemental Security Income/Supplementary Payment Program ng Estado, o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants, and Children, o (b) ipinapahayag ng customer sa ilalim ng parusa sa panunumpa nang walang katotohanan na ang taunang kita ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan.

## **8. Mga Pamamaraan para Maging mga Customer ng Lungsod ang mga Okupante o Nangungupahan.**

8.1 Pagsang-ayon sa mga Tuntunin at Kondisyon ng Lungsod sa Serbisyo. Ibibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga aktwal na residensyal na okupante kung sumasang-ayon ang bawat okupante sa mga tuntunin at kondisyon ng serbisyo at tumutugon sa mga iniaatas na panuntunan at regulasyon ng Lungsod. Sa kabila nito, kung isa o higit pang mga okupante ay sumasang-ayon at kayang akuin ang responsibilidad para sa mga darating na singil sa account sa ikasisiya ng Lungsod, o kung may pisikal na paraan na legal na makukuha ng Lungsod, ng piling serbisyo ng pagputol sa mga okupanteng hindi nakatugon sa mga iniaatas na panuntunan at regulasyon ng Lungsod, ibibigay ng Lungsod ang serbisyo sa mga nakatugon sa mga iniaatas na iyon.

8.2 Pagpapatunay ng Paninirahan. Sa kaso ng nakahiwalay na tirahan ng pang-isahang pamilya, upang maalis ang singil sa delingkwenteng account, dapat patunayan ng okupanteng naging customer na ang customer na nasa rekord na may delingkwenteng account ay ang nagpapaupa, tagapamahala, o ahente ng tirahan. Ang pagpapatunay ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, kasunduan sa lease o pag-upa, mga resibo ng pag-upa, dokumento ng gobyerno na nagsasaad na inuupahan ng okupante ang ari-arian, o impormasyong isiniwalat alinsunod sa Seksyon 1962 ng Kodigong Sibil, sa kakayahang magpasya ng Lungsod.

8.3 Mga Pagbabawas mula sa Bayad sa Upa. Alinsunod sa Kodigo ng Gobyerno Seksyon 60371(d), ang sinumang okupanteng magiging customer ng Lungsod alinsunod sa Seksyon 8 na ito at na may pana-panahong pagbabayad, gaya ng mga bayad sa upa, kabilang ang mga singil sa residensyal na serbisyo sa tubig, kung saan ang mga singil na iyon ay hindi hiwalay na nakasaad, ay maaaring ibawas mula sa pana-panahong pagbabayad sa bawat panahon ng pagbabayad ang lahat ng makatwirang singil na ibinabayad sa Lungsod para sa mga serbisyong iyon sa panahon ng naunang panahon ng pagbabayad.

**9. Serbisyo ng Pag-aabiso ng Ikatlong Panig para sa mga Matatanda at Dumedependeng Nasa Hustong Gulang.** Ibibigay ng Lungsod, sa mga residensyal na customer na nasa edad 65 taon at pataas, o sa mga dumedependeng nasa hustong gulang (gaya ng binigyang kahulugan sa Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon Seksyon 15610(b)(1)), ang isang serbisyo ng pag-aabiso ng ikatlong panig kung saan susubukan ng Lungsod na abisuhan ang taong itinalaga ng customer na tumanggap ng abiso kapag ang account ng customer ay hindi nabayaran o mapapailalim sa pagputol ng serbisyo. Kapapalooban ang abiso ng impormasyon sa kung ano ang iniaatas upang maiwasan ang pagputol ng serbisyo. Magpapadala ang Lungsod ng abiso sa itinalagang ikatlong panig ng hindi bababa sa sampung (10) araw bago ang pagputol ng serbisyo. Upang sumali, dapat magsumite ang customer ng kahilingan para sa abiso ng ikatlong panig sa isang form na ipagkakaloob ng Lungsod, at dapat kapalooban ng nakasulat na pahintulot ng itinalagang ikatlong panig. Hindi inoobligahan ng serbisyo ng pag-aabiso ang ikatlong panig na bayaran ang anumang hindi pa nababayaranang singil, o hindi nito pipigilan o ipapaantala ang pagputol ng serbisyo.

10. **Wika para sa mga Partikular na Nakasulat na Abiso.** Ang lahat ng nakasulat na abiso sa ilalim ng Seksyon 4 at Seksyon 6.6 ng Patakarang ito ay ibibigay sa mga wikang Ingles, Espanyol, Tsino, Tagalog, Vietnamese, Koreano, at anumang iba pang wikang sinasalita ng sampung porsyento (10%) o higit pang mga tao sa loob ng lugar na siniserbisyuhan ng Lungsod.

11. **Iba pang mga Remedyo.** Bukod sa pagputol ng serbisyo, maaaring magpatuloy ang Lungsod sa anumang iba pang mga remedyong magagawa alinsunod sa batas o katwiran para sa hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyo sa tubig, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pagsisiguro sa mga delingkwenteng halaga sa pamamagitan ng paghahain ng mga lien sa tunay na ari-arian, paghahain ng paghahabol o legal na aksyon, o pagpapakolekta ng hindi nabayaranang halaga. Sa kaganapang napagpasyahan ang legal na aksyong panig sa Lungsod, magiging karapat-dapat ang Lungsod sa pagbabayad sa lahat ng gastos at babayaran, kabilang mga singil ng abogado at naipong interes.

12. **Pagputol ng Serbisyo sa Tubig para sa Iba pang mga Paglabag ng Customer.** Pinananatili ng Lungsod ang karapatang putulin ang serbisyo sa tubig para sa anumang mga paglabag sa mga ordinansa, panuntunan, o regulasyon ng Lungsod bukod sa hindi pagbabayad.

13. **Mga Pagpapasya ng mga Tauhan ng Lungsod.** Anumang desisyong isasagawa ng Direktor ng Public Works Services sa ilalim ng Patakarang ito ay maaaring isagawa ng Superintendente ng mga Utilidad o kanyang itinalaga.